

Programa ng Murang Connectivity

Ang Programa ng Murang Connectivity ay isang programa ng FCC na nakakatulong sa mga pamilya at sambahayang nahihirapang makabayad ng serbisyo sa internet. Nagbibigay ang benepisyo ng

Nagbibigay ang benepisyo ng:

- Hanggang \$30/buwan na diskwento para sa serbisyo sa internet;
- Hanggang \$75/buwan na diskwento para sa mga sambahayan sa mga kwalipikadong lupa ng Tribu; at
- Isang beses na diskwento na hanggang \$100 para sa laptop, desktop computer, o tablet na binili sa isang kalahok na provider

Alamin Kung Kwalipikado Ka at Mag-apply

Tumawag sa: 877-384-2575

Bisitahin ang: [AffordableConnectivity.gov](https://www.AffordableConnectivity.gov)



Programa ng Murang Connectivity

Kwalipikado Ka Ba?

Kwalipikado ang isang sambahayan kung natutugunan ng isang miyembro ng sambahayan ang mga pamantayan sa ibaba:

- May kita na nasa o mas mababa sa 200% ng Mga Pamantayan sa Kahirapan ng Pederal na Pamahalaan;
- Lumalahok sa mga partikular na programa ng tulong, gaya ng SNAP, Medicaid, Federal Public Housing Assistance, SSI, WIC, o Lifeline;
- Lumalahok sa mga programang partikular sa Tribu, gaya ng Bureau of Indian Affairs General Assistance, Tribal TANF, o Food Distribution Program on Indian Reservations;
- Aprubado na makatanggap ng mga benepisyo sa ilalim ng programa ng libre at mas murang presyo ng tanghalian sa paaralan o programa ng almusal sa paaralan, kabilang ang sa pamamagitan ng USDA Community Eligibility Provision;
- Nakatanggap ng Federal Pell Grant sa kasalukuyang taon ng paggawad; o
- Natutugunan ang mga pamantayan sa kwalipikasyon para sa kasalukuyang programa sa mababang kita ng isang kalahok na provider ng broadband.

Dalawang Hakbang sa Pag-enroll

1. Pumunta sa AffordableConnectivity.gov para magsumite ng aplikasyon o mag-print ng mail-in na aplikasyon, at
2. Makipag-ugnayan sa iyong gustong kalahok na provider para pumili ng kwalipikadong plano at ipalapat sa iyong bill ang diskwento.

Ang ilang provider ay maaaring may alternatibong aplikasyon na hihilingin nila sa iyo na kumpletuhin.

Ang mga kwalipikadong sambahayan ay dapat na mag-apply sa programa at makipag-ugnayan sa isang kalahok na provider para makapili ng plano ng serbisyo.